**Manindigan laban sa standardized testing at nakakasamáng school rankings: Isang open letter sa mga pamilya sa BC mula kay Teri Mooring, ang Pangulo ng BCTF**

Mahal na mga pamilya,

Nagpasiya na naman ang pamahalaan ng BC na ipagpatuloy ang kanilang kontrobersyal na standardized testing sa buong province gamit ang Foundation Skills Assessment (FSA) na ibibigay sa mga darating na linggo sa lahat ng mga estudyante sa Grade 4 at 7 sa buong BC.

Pero hindi sinasabi sa inyo na *ang FSA ay hindi required na bahagi ng BC curriculum, at mayroon kayong karapatang hindi isali ang inyong anak sa test kung sakaling may emergency sa pamilya, pangmatagalang sakit, o iba pang mga makatwirang dahilan.*

Alam ko na napakahalaga para sa inyo ang edukasyon ng inyong anak, dahil ito'y napakahalaga rin para sa kanyang mga guro. Ang ating commitment sa inyong anak ay ang dahilan kung bakit nais namin kayong tulungan na gumawa ng may-kaalamang desisyon hinggil sa FSA.

Ang mga guro sa BC ay hindi sumasang-ayon sa FSA para sa dalawang mga pangunahing dahilan: Hindi ito nakakatulong sa mga estudyante, mga guro, o mga pamilya, at mas pinasasamâ nito ang mga kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay. Ito ang ibig namin sabihin:

- Hindi ito nakakatulong sa mga estudyante, mga guro, o mga magulang
  - Ang mga resulta ng test ay hindi mauuwi sa karagdagang suporta para sa mga estudyante.
  - Hindi magbibigay sa mga paaralan ng karagdagang resources dahil sa mga resulta sa FSA.
  - Ang test ay hindi maaasahang paraan upang sukatin ang kahusayan ng indibidwal na estudyante; sa halip ay dinisenyo ito bilang isang system-wide check.
  - Dahil sa panahong ginugugol sa paghahanda at pamamahala para sa test, nasasayang ang panahong magagamit sana sa pagtuturo sa classroom at sa pag-aaral.
  - Ang standardized testing ay nagbibigay ng anxiety para sa maraming mga estudyante.
- **Mas pinalalala nito ang mga kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay**
  - Ang Fraser Institute ay isang right-wing think tank, at ang mga resulta ng FSA ay ginagamit nito sa maling paraan -- upang bigyan ng ranggo ang mga paaralan sa BC sa isang 'di-siyentipiko at di-angkop na paraan. Dahil dito'y pinagtitibay nito ang kapwa mga tunay at inaakalang inequity o 'di-pagkakapantay-pantay.
  - Mas naaapektohan ng mga test na ito ang mga estudyante sa mga low-income at racialized na komunidad; kadalasan tuloy nababawasan ang kompiyansa ng mga estudyante at mga pamilya, at ang pagdarama nila na sila'y may sinasalihang komunidad.
  - Ang standardized testing ay hindi maaring iangkop sa mga walang-katulad at iba't-ibang mga pangangailangan ng estudyante, at maari nitong bigyan ang mga diverse na estudyante ng pagdarama na sila'y may mga pagkukulang.

Naniniwala ang mga guro na ang FSA ay hindi maaasahan, hindi nakakatulong, at abala sa mahalagang pag-aaral at tunay na indibidwal na pag-asesong nangyayari sa classroom ng inyong anak.

Naniniwala kami na ang mga magulang ay may karapatang gumawa ng mga desisyon para sa kanilang mga anak, lalo na hinggil sa mga aktibidad tulad ng FSA, na hindi kasali sa curriculum ng province.

Sa mga nakaraang taon, marami nang mga magulang ang nagpasiyang tanggalin ang kanilang mga anak mula sa FSA, at maaari din ninyo gawin ito. Dapat ninyo malaman na sinusuportahan kayo dito ng mga guro sa buong province.

Maraming salamat sa lahat ng ginagawa ninyo upang suportahan ang pag-aaral ng inyong anak. Para sa karagdagang impormasyon, at upang i-download ang isang FSA withdrawal letter, bisitahin ang *bctf.ca/fsa*.

Teri Mooring
Pangulo